

May the **FORCE**

be with you...



BELMAN
Recommends
Mga Gabay
Sa Pagpapabilis
Laki Ng Manok
(BROILERS)



1st EDITION



MGA GABAY SA PAGPAPABILIS LAKI NG MANOK (BROILERS)

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
1 linggo bago dumating ang mga sisiw	Linisin mabuti ang kulungan, pakainan at painuman. Patuyuin sa hangin.	Upang maiwasan ang inpeksyon galing sa mga dumi ng paligid.	IODOSTRIKE® Disinfectant Solution	Timplahin at gamitin bilang huling banlaw. Sundin ang isinasaad sa pakete.
Unang Apat na Oras Araw 1	Bigyan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes. Palitan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina. Bigyan ng Chick Booster 22% CP. Haluan ng bitamina / mineral at antibiotiko ang pagkain.	Proteksyon laban sa stress o pagod. Para maiwasan ang inpeksyon. Simula ng pagpapakain. Para sa mabilis na paglaki at malulusog na sisiw.	BIGG ELECTROLYTES BIGG FORMULA 1 CECICAL POWDER NEW IMPROVED GROFAC	Dalawang kutsara (10 gms) sa limang (5) galon na napainom. Ibigay sa unang apat na oras pagkadating ng sisiw. Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon na painom. Ibigay hanggang ika- araw. Bigyan hanggang gusto. Ipagpatuloy hanggang ika-14 araw. 2-4 kutsara sa bawat 11 kilong pagkain o 3 kilo sa bawat tonelada ng pagkain. Maghalo hanggang ika-14 na araw. 3-4 kutsara sa bawat 11 kilo o 3-4 kilo sa bawat toneladang pagkain hanggang ika-5 na araw.
Araw 4	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig painom. Ibigay hanggang ika-9 na araw.
Araw 7	Magbakuna laban sa NCD.	Para maiwasan ang New Castle Disease.	NCD B1 B1 VACCINE	Isang patak sa mata o ilong (IO o IN)
Araw 10	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Pagpatuloy ng proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng inumin. Gamitin hanggang ika-14 na araw.
Araw 11	Haluan ng bitamina / mineral at antibiotiko ang pagkain.	Para sa mabilis na paglaki at malulusog na manok.	NEW IMPROVED GROFAC	3-4 kutsara sa bawat 11 kilos ng pagkain o 3 kilo sa bawat tonelada ng pagkain. Maghalo hanggang ika-18 na araw.
Araw 15	Palitan ng Chick Starter Mash 18% CP ang pagkain. Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Bigyan hanggang gusto. Ipagpatuloy hanggang ika-28 araw. Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng tubig painom. Ibigay hanggang ika-17 na araw.
Araw 18	Bigyan ng inuming tubig na may Sulfa.	Proteksyon laban sa "coccidiosis" at karaniwang sakit.	BELMET DRINKING WATER SOLUTION	Dalawang kutsara sa bawat galon ng inuming tubig. Gamitin hanggang ika-22 araw.
Araw 19	Haluan ng bitamina / mineral at	Para sa mabilis na paglaki	BIGG CHICKEN	

KAILAN	MGA DAPAT GAWIN	BAKIT	DAPAT GAMITIN	PARAAN NG PAGGAMIT
Araw 23	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Para sa mabilis na paglaki at proteksyon laban sa stress o pagod.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon ng inuming tubig. Gamitin hanggang ika-29 araw.
Araw 25	Maaring bigyan ng booster na bakuna laban sa NCD.	Proteksyon laban sa New Castle Disease.	NCD LA SOTA STRAIN	Ibigay sa tubig inumin.
Araw 29	Palitan ng Broiler Finisher Mash 14% CP ang pagkain. Haluan ng bitamina, mineral at growth enhancer ang pagkain.	Para sa mabilis na paglaki at pagbigat ng manok.	BIGG CHICKEN GROWTH ENHANCER	Bigyan hanggang gusto. Ipagpatuloy hanggang sa maipagbili ang mga alagang manok. 2-3 kutsara sa bawat 11 kilos ng pagkain o 2-3 kilo sa bawat tonelada ng pagkain. Maghalo hanggang ang mga alagang manok ay maipagbili.
Araw 30	Bigyan ng inuming tubig na may antibiotiko at bitamina.	Patuloy na proteksyon laban sa sakit.	BIGG FORMULA 2	Isang kutsara (5 gms) sa bawat galon ng tubig. Gamitin hanggang ika-32 araw.
Araw 32-35	Palitan ng inuming tubig na may bitamina at electrolytes.	Para sa tuloy-tuloy na pagbigat.	BIGG ELECTROLYTES	Isang kutsara (5 gms) sa bawat 5 galon na tubig. Gamitin hanggang ika-38 araw.

MGA KARAGDAGANG KAALAMAN SA PAGMAMANUKAN **(BROILERS)**

ANG PAGKAIN

Malaking bagay sa mga manok ang wasto at hustong pagkain. Ang mga lahi o breed ng broilers sa pamilihan ay may potential na lumaki sa timbang mula 1.5 kg o mahigit pa sa loob ng 35 na araw pataas. Ngunit kapag hindi mabigay ang kailangang pagkain sa loob ng mga araw na ito, ang paglaki nila sa hustong timbang o market size ay hindi makukuha. Ito ang pagkakataon na hindi maganda ang pagtitipid. Ang kailangan dito ay masinop na pagpapakain. Mayroon nang mga "scientific researches" na tumutukoy sa kayang kainin ng mga manok mula sa pagiging sisiw hanggang sila ay maging manok. Mahalaga na masunod ito upang hindi makapagbigay ng higit pa sa kailangan ng mga manok sa maghapon at hindi masayang ang pagkain.

Narito ang isang batayan ng nakakain ng mga manok at uri ng pagkain sa loob ng panahon ng pag-aalaga ng broilers:

ARAW	URI NG PAGKAIN	DAMI
1 - 7	Chick Booster	15 gms / araw / sisiw
8 - 14	Chick Booster	35 gms / araw / sisiw
15 - 21	Broiler Starter	60 gms / araw manok
21 - 28	Broiler Starter	80 gms / araw / manok
29 - 35	Broiler Finisher	110 gms / araw / manok
36 - 38	Broiler Finisher	125 gms / araw / manok

TOTAL: 2,975 gms o 2.9 kg bawat manok sa loob ng 38 na araw.

MGA PRODUCTION TARGETS:

Para sa BROILERS : 1.5 – 1.8 kilo sa loob ng 35-38 na araw.

Kasama na rito ang reseko sa pagkatay. Sa katay na timbang ay hinahanap ang 900 gramo hanggang 1.4 kilos.

ANG PABAHAY

Ang mga manok na nagsisisikan sa maliit na lugar ay mabagal lumaki. Mainit ang katawan ng mga manok at mahalaga sa kanila ang tama at hustong bentilasyon. Kung masyadong mainit ang paligid, ang mga manok ay nawawalan ng gana kimain. Kung gayon ay hindi makukuha ang gusto natin timbang nila sa loob ng takdang panahon ng pag-aalaga. Minsan pa ay simula rin ng pag-aaway ng mga manok ang sobrang siksikan.

Kung gagawa ng pabahay sa manok, maglaan ng 1 (isa) sq. ft sa bawat manok. Kasali na rito ang espasyo nila hanggang sa sila ay lumaki.

Tandaan lamang na maglagay ng tabing sa paligid ng kulungan na puwedeng itaas at ibaba kung kailangan lalo sa panahon ng tag-ulan. Maglagay din ng sapat na dami ng pakain at inumin sa loob o sa paligiid ng kulungan batay sa dami ng manok na aalagaan. Tiyakin din ang madaling paglilinis ng mga ipot ng manok. Paglaanan ang bentilasyon ng pabahay sa panahon naman ng tag-init.

Maglagay din ng brooder lamps sa mga sisiw.

ANG PAGBABAKUNA

Tangi ang pagbabakuna lamang ang proteksyon ng mga manok laban sa sakit (viral diseases). Sundin ang talaan ng mga bakunang mahalaga sa buhay ng mga manok sa kanilang takdang araw. Ito rin ang proteksyon sa puhunan ng nag-aalaga.

Mayroon ilang pasubali sa pagbabakuna. Karaniwan na ang paggamit ng maliit na dosis ng antibiotiko sa inumin at pagkain ng manok para sa mabilis na paglaki at tulong laban sa sakit. Mahalaga na maglaan ng 2 - 4 na araw bago at matapos magbakuna na walang antibiotiko ang inumin at pagkain ng mga manok. Ito ay upang bigyan daan ang bakuna na tumalab sa katawan ng manok at sila ay makabuo ng angkop na "antibodies" laban dito. Ito ang proteksyon ng mga manok laban sa sakit.

May katibayan na ang patuloy na gamit ng antibiotiko sa pagkain at inumin ng mga manok sa panahon ng pagpapabakuna ay nakakasagabal sa kakayahan ng manok na bumuo ng antibodies laban sa sakit.

Upang panatiliin rin ang lusog at lakas ng katawan ng manok sa mga oras na di gumagamit ng antibiotiko sa inumin, maaring gumamit muna ng electrolyte solution. Ito ay tutulong rin sa katawan na bumuo ng antibodies laban sa mga sakit.

ANG PAGGAMIT NG ANTIBIOTIKO SA PAGKAIN AT INUMIN

Ugali na sa pagmamanukan ang paggamit ng mga antibiotiko sa inumin at pagkain. Mahalaga rin ang papel na kanilang ginagampanan sa pagpapabilis laki ng mga manok. Ibayo ang proteksyon na kanilang ibinibigay sa panahon ng pagod o stress kung saan puwedeng magupo ang katawan ng manok ng sakit kahit na sila ay bakunado pa lalo na sa panahon ng tag-ulan.

Hindi kailangan ang mga antibiotikong ito sa huling linggo ng buhay ng mga manok. Maari ng itigil ang paggamit nito upang bigyan daan ang kanilang pag-alis sa laman ng mga manok bago ang mga ito ay ibenta. Sa ganitong paraan, wala nang "meat residues" ng antibiotiko sa oras na sila ay bilhin ng mamimili.

Sa mga karaniwang antibiotikong gamit katulad ng Erythromycin, Chlortetracycline, at Tri-sulfas, sapat na ang isang linggo ng pagtigil-gamit bago ipagbili upang maalis na lahat ang mga residues nila sa laman.

Para sa karagdagang impormasyon sumulat o tumawag sa:

BELMAN COMPANIA INCORPORADA

BELMAN Bldg., 78 Cordillera St., cor. Quezon Ave., Quezon City

